State of California—Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services

MICHELLE BAASS
*DIRECTOR*

GAVIN NEWSOM
*GOVERNOR*

(Insert Date)

## Mahalagang balita tungkol sa iyong segurong pangkalusugan

Minamahal na Benepisyaryo,

Magandang balita! Malapit ka nang makakuha ng mas maraming benepisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Ang iyong restricted scope Medi-Cal ay maaaring maging full scope Medi-Cal.

Simula sa **Mayo 1, 2022**, magbibigay ang bagong Older Adult Expansion ng full scope Medi-Cal sa mga adultong edad 50 pataas na kwalipikado para sa Medi-Cal. Ang iyong katayuan sa imigrasyon ay hindi mahalaga.

**Paano ko malalaman kung makakakuha ako ng mas maraming benepisyo ng pangangalagang pangkalusugan gamit ang full scope Medi-Cal?**
Sa Abril 2022, makakatanggap ka ng sulat sa koreo. Sasabihin nito sa iyo kung makakakuha ka ng full scope Medi-Cal. Sasabihin din nito sa iyo kung kailan ka magsisimulang makakuha ng mas maraming benepisyo.

**Makakakuha ba ako ng mas maraming serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan gamit ang full scope Medi-Cal?**
Oo. Ang Medi-Cal ay may libre o mababang-presyong pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong nakatira sa California. Naiiba ang Full scope Medi-Cal mula sa restricted scope Medi-Cal na taglay mo ngayon. Sinasaklaw lamang ng restricted scope Medi-Cal ang ilang serbisyo. Hindi nito sinasaklaw ang mga bagay gaya ng gamot at pangunahing pangangalaga.

Sinasaklaw ng full scope Medi-Cal ang mga serbisyong ito at marami pang iba:

- Paggamot sa paggamit ng droga at labis na pag-inom ng alak
- Pangangalaga sa ngipin
- Pangangalaga kapag may emergency
- Pagpaplano ng pamilya
- Pangangalaga sa paa
- Mga pantulong sa pandinig
- Medikal na pangangalaga
- Gamot na inirereseta ng iyong doktor
- Mga medikal na supply

- Pangangalaga sa mental na kalusugan
- Pag-aasikaso ng personal na tagapag-alaga at iba pang serbisyo na tumutulong sa mga tao na manatili sa labas ng mga nursing home
- Pag-refer sa mga espesyalista, kung kinakailangan
- Mga test na ipinag-uutos ng iyong doktor
- Transportasyon para magpatingin sa doktor at dentista at para kumuha ng iyong gamot sa botika
- Pangangalaga sa paningin (salamin sa mata)

Kung mayroon ka ngayong Medi-Cal na nauugnay sa pagbubuntis, taglay mo ang lahat ng kinakailangang medikal na serbisyo na sinasaklaw ng Medi-Cal.

Malalaman mo ang higit pa tungkol sa Medi-Cal sa Frequently Asked Questions (FAQ) na kasama ng sulat na ito.

**Paano ako makakakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan?**
Karamihan ng mga taong may full scope Medi-Cal ay makakakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Medi-Cal Managed Care Plan. Isang planong pangkalusugan ang Medi-Cal Managed Care Plan. Magagamit ito sa mga doktor, ospital, botika, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa lugar na pinagseserbisyuhan ng plan. Ibibigay nila ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kapag sumali ka sa Medi-Cal Managed Care Plan, maaari ka pa ring makakuha ng ilang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Fee-For-Service (regular) Medi-Cal. Kasama dito ang botika, paggamot sa substance use disorder, at mga serbisyo ng dentista.

Ang iyong mga pagpipilian sa Plan na Medi-Cal Managed Care health plan ay nakadepende sa county kung saan ka nakatira. May isang plan ang ilang county. Ang ilang county naman ay mayroong mahigit sa isang plan na puwedeng pagpilian. Padadalhan ka namin ng sulat kalakip ang iyong mga pagpipiliang plan. Malalaman mo ang higit pa tungkol sa iyong Health Care Options:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-800-430-4263**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. Sa mga gumagamit ng TDD/TYY, tumawag sa 1-800-430-7077. Libre ang tawag.
- **Online:** Pumunta sa https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/.

**Paano ako makakakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kung mayroon akong Medi-Cal na may Share of Cost (SOC)?**
Kung mayroon kang SOC ngayon, makakakuha ka ng full scope Medi-Cal na may SOC. Kung mayroon kang SOC, makukuha mo ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Fee-For-Service (regular) Medi-Cal. Hindi mo kakailanganing pumili ng Medi-Cal Managed Care Plan.

**Kailangan ko bang panatilihin ang aking Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC)?**
Oo. Dapat mong panatilihin ang iyong BIC. Isa itong plastic card na may kulay kahel na bulaklak ng poppy o asul at puting disenyo. Kakailanganin mo ito kapag kumuha ka ng full scope Medi-Cal. Tumawag sa opisina ng iyong county kung kailangan mo ng bagong BIC.

Laging dalhin ang iyong BIC kapag nagpapatingin sa iyong doktor, dentista at iba pang medikal na provider. Kapag ikaw ay nasa Medi-Cal Managed Care Plan, makakakuha ka ng bagong card mula sa iyong bagong plan. Kakailanganin mong ipakita ang parehong card kapag nagpatingin ka sa iyong doktor, dentista, botika, at iba pang medikal na provider.

**Kailangan ko bang punan ang isang bagong aplikasyon para sa Medi-Cal?**
Hindi. Mayroon ka nang restricted scope Medi-Cal, kaya hindi mo na kailangang punan ang isang bagong aplikasyon para sa full scope Medi-Cal.

Kung makakakuha ka ng packet na sulat para i-renew ang iyong Medi-Cal, punan at ibalik ito. Puwede kang tumawag sa opisina ng iyong county para sa tulong.

**Paano ako makakakuha ng mga materyales sa ibang format?**
Puwede mong hilingin na makuha ang lahat ng nakasulat na impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo ng Medi-Cal sa ibang format. Ang format ay puwedeng maging Braille, malalaking letra, isang audio o data CD, o iba pang format para matulungan kang unawain at basahin ang mga sulat o punan ang iyong packet. Para hilingin ito, puwede kang:

- Pumunta sa https://afs.dhcs.ca.gov. Sundin ang mga tagubilin sa pagpili ng ibang format.
- Tumawag sa **1-833-284-0040** (California Relay 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., maliban sa mga pambansang pista opisyal. Libre ang tawag.
- Makipag-ugnayan sa lokal na opisina ng iyong county.

**Paano kung kailangan ko ng tulong sa ibang wika?**
Kung kailangan mo ng tulong sa ibang wika bukod sa Ingles, basahin ang listahan ng mga numero ng telepono para sa mga serbisyo ng libreng tulong sa wika na kasama sa ng sulat na ito. Puwede ka ring kumuha ng interpreter o tagasalin para tumulong sa iyo na basahin ang ng sulat na ito.

**Paano ko malalaman ang higit pa o makakakuha ng tulong?**

**Para malaman ang higit pa tungkol sa Medi-Cal:**
Tumawag sa Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Helpline sa **1-800-541-5555**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., maliban sa mga pambansang pista opisyal. Libre ang tawag na ito.

**Para malaman ang higit pa tungkol sa Medi-Cal Managed Care Plans:**
Tumawag sa Health Care Options sa **1-800-430-4263**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. Sa mga gumagamit ng TDD/TYY, tumawag sa 1-800-430-7077. Libre ang tawag.

O, pumunta sa website ng DHCS sa https://bit.ly/older-adult-expansion.

**Para sa mga katanungan tungkol sa imigrasyon at sa Medi-Cal program:**
Hindi masasagot ng Department of Health Care Services (DHCS) ang mga katanungan tungkol sa imigrasyon o "public charge".

Pinopondohan ng California Department of Social Services (CDSS) ang kwalipikadong nonprofit na mga organisasyon para magbigay ng mga serbisyo sa mga imigranteng nakatira sa California. May listahan ng mga organisasyong ito sa https://bit.ly/immigration-service-contractors.

Para sa impormasyon at mga sanggunian tungkol sa imigrasyon, pumunta sa California's Immigrant Guide sa https://immigrantguide.ca.gov/.

Para malaman ang higit pa tungkol sa public charge, pumunta sa California Health and Human Services Agency Public Charge Guide sa https://bit.ly/calhhs-public-charge-guide.

Salamat,

Department of Health Care Services